


Mga Rekomendasyon sa Pagpapabakuna Laban sa mga Virus na Nakaaapekto sa Sistemang Respiratoryo



Ang mga bakuna laban sa mga sakit sa sistemang respiratoryo ay nakatutulong na maiwasan ang malubhang pagkakasakit, pagkaka-ospital, at pagkamatay

	Influenza (trangkaso)	Respiratory Syncytial Virus (RSV)	COVID-19
 Mga Bata at Kabataan (0-18 taong gulang)	Taunang bakuna laban sa trangkaso para sa lahat ng batang may edad 6 na buwan pataas	Lahat ng sanggol na wala pang 8 buwang gulang, kung walang proteksyon mula sa bakuna laban sa RSV na ibinigay noong pagbubuntis, at mga batang 8-19 na buwan na kabilang sa ilang grupong nanganganib na magkasakit	Lahat ng maliliit na bata na may edad 6-23 na buwan at mga batang 2-18 taong gulang na kabilang sa ilang grupong nanganganib na magkasakit o kung ninanais
 Pagbubuntis	Taunang bakuna laban sa trangkaso (iwasan ang bakuna sa trangkaso na spray sa ilong)	Bakuna laban sa RSV nang isang beses lamang, sa unang pagbubuntis na pasok sa mga kondisyon para sa bakunang ito, kapag 32-36 linggo nang buntis, na ibinigay sa pagitan ng Setyembre 1 at Marso 1	Taunang pagbabakuna gamit ang pinakabagong bakuna laban sa COVID-19
 Mga Adulto na may edad na 19-64 taon	Taunang bakuna laban sa trangkaso para sa lahat ng nasa hustong gulang na may edad 19 pataas	Bakuna laban sa RSV nang isang beses lamang para sa mga nasa hustong gulang na may edad 50-74 na mas nanganganib magkaroon ng malalang RSV	Taunang pagbabakuna gamit ang pinakabagong bakuna laban sa COVID-19
 Mga Nakatatanda na may edad na 65 taon pataas	Taunang bakuna laban sa trangkaso para sa lahat ng adulto. Para sa mga edad 65 pataas, gamitin kung maaari ang bakunang may mas malakas na proteksiyon laban sa trangkaso (may mataas na dosis, may sangkap na nagpapalakas sa panlaban ng katawan sa sakit, recombinant, o mRNA)	Inirerekomenda ang isang beses na bakuna laban sa RSV para sa mga adulto na may edad na 50-74 taon na mas nanganganib magkasakit, at para sa lahat ng adulto na 75 taong gulang pataas	Taunang bakuna laban sa COVID-19 na may pinakabagong bersiyon para sa mga adulto na 65 taong gulang pataas, na susundan ng pangalawang dosis makalipas ang 6 na buwan upang palakasin ang proteksyon
 Mga Taong Mahina ang Sistemang Panlaban sa Sakit	Taunang bakuna laban sa trangkaso para sa mga may edad 6 na buwan pataas (iwasan ang bakuna sa trangkaso na spray sa ilong)	Isang dosis ng bakuna sa RSV para sa mga may edad 18 taon pataas. Para sa mga wala pang 18 taong gulang, ang pagpapabakuna ay dapat sang-ayunan sa pag-uusap ng pamilya at ng doktor	Taunang bakuna laban sa COVID-19 na may pinakabagong bersiyon para sa mga may edad 6 na buwan pataas
 Mga Kawani sa Pangangalaga ng Kalusugan	Taunang bakuna laban sa trangkaso	Sundin ang mga rekomendasyon sa bakuna laban sa RSV batay sa edad at panganib	Taunang pagbabakuna gamit ang pinakabagong bakuna laban sa COVID-19



Tawagan ang inyong botika o tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan upang tiyaking may bakuna at malaman kung anong mga edad ang maaari nilang bakunahan. Sa maraming pagkakataon, maaaring ibigay nang sabay-sabay ang mga bakunang ito. Kung mayroon kayong mga tanong, makipag-usap sa tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan, parmasyutiko, o sa inyong lokal na kagawaran ng kalusugan.



vdh.virginia.gov/epidemiology/respiratory-diseases-in-virginia/

huling na-update: 09/26

VDH VIRGINIA
DEPARTMENT
OF HEALTH